



## Impormasyon ukol sa bakuna laban sa COVID-19



### Bakit magpapabakuna laban sa COVID-19?

Kapag pumasok ang COVID-19 sa loob ng iyong katawan at dumami sila, sasama ang iyong pakiramdam at lalagnatin ka, bibigat ang iyong katawan, uubuhin, mahihirapan kang huminga, sasakit ang iyong ulo, at mag-iiba ang iyong panlasa.

Kapag nabakunahan ka, makakapaghanda ang iyong katawan upang labanan ang COVID-19, kaya kahit na pumasok ang virus sa iyong katawan, hindi agad sasama ang iyong pakiramdam.



### Ano ang kailangan kmong pag-ingatan kapag magpapabakuna laban sa COVID-19?

<p><b>Bago magpapabakuna</b></p>	<p>Kung may lagnat ka na 37.5°C o higit pa, o kapag masama ang iyong pakiramdam, hindi ka maaaring mabakunahan kaya sabihan mo ang mga tao sa bahay tungkol dito.</p>	
<p><b>Habang nagpapabakuna</b></p>	<p>Ituturok ang bakuna malapit sa iyong balikat. Magpapabakuna suot ang damit na madaling ilabas ang balikat.</p>	
<p><b>Pagkatapos mabakunahan</b></p>	<p>☉ Pagkatapos mabakunahan, umupo ng 15 minuto o higit pa upang tingnan ang iyong kalagayan (Maaaring paupun ka ng 30 minuto upang tingnan ang iyong kalagayan)</p> <p>☉ Sa araw ng bakuna, puwede mong gawin ang mga karaniwan mong ginagawa sa araw-araw tulad ng pagligo, pero bawal ang matinding ehersisyo.</p>	<p>☉ Kapag nagpapabakuna, maaaring lumitaw ang mga sumusunod na sintomas, pero natural na gagaling ang mga ito pagkatapos ng 2-3 araw.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Nilalagnat</li> <li>○ Masama ang pakiramdam</li> <li>○ Mabigat ang katawan</li> <li>○ Masakit ang tiyan</li> <li>○ Masakit ang ulo</li> <li>○ Giniginaw</li> </ul>

### Kapag-lumabas ang mga sumusunod na sintomas, kaagad ipaalam sa iyong magulang o tagapangalaga.

● **Kaagad pagkatapos mabakunahan**

- Makati ang katawan
- Inuubo



● **Sa araw na nabakunahan o sa loob ng 4 na araw pagkatapos ng bakuna**

- Nilalagnat
- Masakit ang ulo
- Masakit ang dibdib
- Mahirap huminga
- Mabigat ang katawan
- Inaantok
- Parang malakas ang tibok ng puso



Magpaturok nang 2 beses na may agwat na 3 linggo para sa bakunang ito.



### Paalala

May mga taong nabakunahan na at mga taong may dahilan kung bakit hindi sila puwedeng mabakunahan. Iwasang magsalita ng masama o makakasakit ng damdamin ng ibang tao dahil lamang nabakunahan siya o hindi.

